
# BISIG

2015 Bol. 2



## MANGGAGAWA AT PAGGAWA SA PANAHON NG NEOLIBERALISMO

BISIG 2015

INSTITUTE OF LABOR AND INDUSTRIAL RELATIONS

**BISIG**
Office of the Vice President for Research, Extension, Planning and Development
Institute of Labor and Industrial Relations

**Rimando E. Felicia**
Punong Editor

**Jomar G. Adaya**
Tagapamahalang Editor

**Richardo M. Ramos**
Editoryal na Staff

Lupon ng mga Editor

**Emanuel C. De Guzman, PhD**
Politeknikong Unibersidad ng Pilipinas

**Judy Taguiwalo, PhD**
Unibersidad ng Pilipinas

**Manuel M. Muhi, PhD**
Politeknikong Unibersidad ng Pilipinas

**Epifanio San Juan Jr., PhD**
Philippine Cultural Studies Center, USA

**Paul Quintos, MSc**
Ecumenical Institute for Labor
Education and Research

**Nancy Kimuell-Gabriel, PhD**
Unibersidad ng Pilipinas

**Ramon Guillermo, PhD**
Unibersidad ng Pilipinas

**David Michael San Juan, PhD**
De La Salle University

Ang BISIG ang natatanging refereed journal sa mga research institute ng PUP na nasa wikang Filipino na nagtatampok ng mga artikulo o papel pananaliksik hinggil sa kalagayan ng sektor ng paggawa sa Pilipinas na taunang inilalabas ng ILIR-PUP. Pangunahing itinatampok nito ang mga pag-aaral na sumisipat sa mga napapanahong isyu hinggil sa kalagayan ng manggagawang Pilipino. Karaniwang nakatuon ang mga paksa sa mga usapin tulad ng unyonismo, globalisasyon, neoliberal na polisiya, kilusang panlipunan, karapatan at kalagayan ng manggagawa, at iba pang katulad na ang perspektiba'y maaaring nakasandig sa multi/interdisiplinaryong lapit.

Dumadaan sa proseso ng *double-blind peer review* ang mga artikulo. Ang isusumiteng artikulo ay nararapat na orihinal at hindi pa nailalathala at nasa wikang Filipino. Sakaling nasa ibang wika, marapat na isalin ito sa Filipino at tanging ang salin ang ilalathala. Maaari itong bahagi ng tesis, disertasyon, mga tala, rebyu, komentaryo o papel na natalakay sa seminar o kumperensiya, at iba pang katulad. Kompyuterisado (MS Word doc.), doble-espasyo, Arial ang font na 12 ang puntos, at 20-30 na pahina na may lakip na 200-300 salitang abstrak (may salin sa Ingles) at susing salita na hindi lalagpas ng apat. Estilong APA 6th edition ang gagamiting dokumentasyon. Kalakip ng isusumiteng artikulo ang hindi lalagpas sa sampung pangungusap na bionote o tungkol sa awtor.

Maaaring isumite ang papel sa bisigilirpup@gmail.com o sa ilir@pup.edu.ph. Para sa mga katanungan, tumawag lamang sa numerong 3351787 local 304 o kaya ay magtungo sa tanggapan ng ILIR-PUP sa 418 South Wing, PUP Mabini Campus, Anonas St, Sta. Mesa, Manila.

# BISIG

Surian sa Paggawa at Relasyong Pang-industriya

**BISIG**

Karapatang-ari © 2015 Politeknikong Unibersidad ng Pilipinas

Maaaring sipiin ang alinmang bahagi ng journal para sa ikasusulong ng interes at mithiin ng mga anakpawis at mamamayan. Kailangan lamang ng angkop na pagkilala sa naglathala o sa mga may-akda.

Inilathala ng Politeknikong Unibersidad ng Pilipinas

2015 Bolyum 2

ISSN: 2467-6330

**Paliwanag sa Pabalat (Cover)**

Ang sining-biswal na ginamit sa isyung ito ng Bisig ay ambag ng kilalang artista ng bayan at ng uring manggagawa na si Leonilo "Neil" Doloricon. Pinamagatang "Globalisasyon" ang sining-biswal na nasa pabalat sa harap,samantalang "Tagapaglikha" naman ang nasa pabalat sa likod.

## Paunang Salita

Mahigit tatlong dekada ng paghambalos ng liberalisasyon, pribatisasyon at deregulasyon (LPD o Lapida kung tawagin ng mga manggagawa). Paano nga'y matinding hagupit ang inabot ng manggagawa at mamamayan sa epekto ng mga patakarang ito ng globalisasyon. Naghalinhinan ang mga administrasyon sa gubyerno subalit nanatili at lalo pa ngang sumisidhi habang lumalaon ang pagpapatupad sa mga patakarang ito sa anyo ng mga batas, polisiya at programa ng mga ahensya at iba pang instrumento ng paghahari ng gubyerno.

Lalo pang tumindi ang krisis ng lipunang Pilipino. Sa kabila ng mga palamuti ng demokrasya, hindi mapapasubalian kahit kulapulan ng mapanlinlang na datos ang malubhang pagsadsad ng ekonomya ng bansa at ang matinding paghihikahos ng nakararaming mamamayan. Lumalago ang ekonomya subalit nauubos ang mga regular na trabaho, ibayong miserable ang pamumuhay ng maralita, lalong nawawalan ng lupa ang magsasaka at nasasaid ang yaman ng bansa dahil sa pagsidhi ng pangungulimbat ng mga dayuhan at malalaking kapitalista sa ating bayang sinta.

Sa kabila nito, walang palatandaang mahihinto ang mga patakarang ito. Patuloy pa ring nakatuon sa eksport, umaasa sa import at nakasandig sa dayuhang kapital at pautang ang istratehiya ng ating ekonomya. Sa kabila ng mga nagdudumilat na mga patunay, datos, anekdota, halimbawa, kwento at pag-aaral sa nakasisirang epekto nito sa ekonomya at kabuhayan ng bayan, ito pa rin ang isinusulong ng gubyerno. Tila hindi pa sapat ang tatlumpung taon ng pagkaduhagi ng ating bayan sa direktang epekto ng globalisasyong neoliberal.

Sa isyung ito ng Bisig, inilalarawan ng mga akda ang iba't ibang mukha at epekto ng globalisasyong neoliberal mula sa wika, produksyon, media, relasyong industriyal at sa iba pang aspeto ng lipunan. Layon ng isyung ito na umambag sa patuloy na pag-unawa sa globalisasyong neoliberal sa layuning hanapin ang landas tungo sa pagkakamit ng malaya at masaganang lipunan.

Sa bandang huli, walang susulingan ang mamamayan kundi ang kanilang sariling lakas. Sa kanilang sama-samang lakas matatagpuan ang tunay na kapangyarihang magbago ng lipunan. Subalit magagawa lamang ito ng mulat, organisado at determinadong mamamayan kasama ang mga istudyante, manggagawa, magsasaka at iba pang pwersang naghahangad ng tunay at makabuluhang pagbabago sa lipunan. At tapat sa aming panata --- ang Bisig ay lalaging bisig ng manggagawa at mamamayan!

**Prof. Rimando E. Felicia**
**Editor**

## Mga Nilalaman

**Introduksyon**

**Para sa Negosyo o Kalayaan? Pagsipat sa Dayuhang Pagmamay-ari at Kalagayan ng Manggagawa sa Media**
Dennis Espada **1**

**Panimulang Dalumat sa mga Tula ng mga Magkokopra sa Bondoc Peninsula Tungo sa Pagsiyasat sa Panlipunang Kaakuhan**
Romeo Peña **23**

**Pangangapital sa Wika sa Espasyo ng Kolonyal na Moda ng Produksyon sa Pilipinas**
Jomar Adaya **37**

**Balanseng Paggugrupo ng Trabaho: Ang Bisyon ng Parecon ni Michael Albert**
U Eliserio **61**

**Kontra-Modernidad: Ilang Mungkahi sa Pagbabagong Radikal ng Lipunan**
Epifanio San Juan Jr. **79**

**Neoliberalismo at ang Kilusang Paggawa sa Pilipinas: Epekto at Pakikibaka**
Daisy Arago, Salin ni RE Felicia **89**

**Mga Kontribyutor** **125**

Daisy Arago, CTUHR Executive Director
Salin ni RE Felicia

# Neoliberalismo at ang Kilusang Paggawa sa Pilipinas: Epekto at Pakikibaka

*Isinagawa noong Oktubre 8-9, 2014 ang isang Pambansang Kumperensya ng mga lider manggagawa, trade union centers mula sa iba't ibang panig ng bansa at iba pang obrero mula sa plantasyon, minahan, manupaktura, serbisyo at iba pang labor advocates mula sa hanay ng akademya, lawyers, legislators, taong simbahan at iba pang pang mula sa mga organisasyon na nagtataguyod ng karapatang pantao. Ang nasabing kumperensya ay magkatuwang na inilunsad ng PUP Institute for Labor and Industrial Relations (ILIR), ng All UP Workers Alliance at pinangunahan ng Center for Trade Union and Human Rights (CTUHR) bilang bahagi ng kanilang ika30 anibersaryo ng paglilingkod at pakikibahagi sa pakikibaka ng uring manggagawa at sambayanan. Ang Pambansang Kumperensya ay may temang "Isulong ang Karapatan, Labanan ang Neo-liberal na Atake sa Manggagawa at Kilusang Paggawa" at dinaluhan ng mahigit 100 kalahok mula sa iba't ibang panig ng bansa.*

*Ang sumusunod na artikulo ay kabilang sa mga tampok na papel na inihapag sa nasabing kumperensya. Ito ay orihinal sa Ingles pero ngayo'y isinalin sa Filipino at inililimbag sa Bisig sa layuning patuloy na ipalaganap sa mga manggagawa at mamamayan ang pangangailangang magkaisa upang labanan ang neoliberal na atake sa manggagawa at kilusang paggawa.*

**Introduksyon**

May kabalintunaan sa sinasabing paglago ng ekonomya sa Pilipinas. Sa unang kwarto ng 2016 halimbawa, ang ekonomya ng bansa ay nagtamo ng 6% paglago sa Gross Domestic Product (GDP) 1, pinakamataas sa Asya, (PDI, 20 May 2016) at istable sa tantos na 6.1% mula 2013. Subalit, naitala rin ang pinakamataas na tantos ng kawalang trabaho (5.8%) sa Timog Silangang Asya habang halos 70% ng mga sinasabing manggagawang may trabaho, ay maituturing na impormal2 (Serrano, 2014). Noon pa man ay napakataas na ng insidente ng kahirapan sa bansa at katunayan ay naitalang ika-3 ito sa pinakamahirap na bansa sa ASEAN nitong 2010 mula sa pagiging ika-5 noong 2005 (Third poorest in Southeast Asia?, Philippine Daily Inquirer, Opinion 13 September 2014).

Ang ganitong kalagayan ay hindi lamang resulta ng Daang Matuwid ng gubyernong Aquino na itinakwil ng mamamayang Pilipino. Higit pa, ang mga ito ay tuwirang produkto ng neoliberal na balangkas ng pagpapaunlad na ipinatupad mula pa noong dekada 80 hanggang sa kasalukuyan.

Sa loob ng mahigit tatlong dekada ng neoliberalismo sa bansa, saksi at lubos na apektado ang manggagawa at maralitang Pilipino sa pagkawala ng mga regular na trabaho sa pampubliko at pribadong sektor, pagdausdos ng sahod, pagtindi ng paglabag sa mga karapatan at paglaganap ng kahirapan. Ganoon din ang pagwasak at pagsaid sa likas na yaman ng bansa bunga ng walang habas na pagtatayo ng mga minahan, special economic zones (SEZs) at agribusiness plantations.

Subalit hindi lamang kontrolado ng mga korporasyong multinasyonal (MNCs) ang pambansang ekonomya at pulitika, pinalubha nito ang agwat ng mayaman at mahirap na mamamayan at pinatindi ang pagkakahati-hati sa kilusang manggagawa sa bansa. Sa paninibasib ng neoliberalismo sa patuloy na lumiliit na bilang ng mga unyon, ibayo pang nahati ang organisadong paggawa sa pagitan ng pagtanggap, pakikipagkompromiso at sa patuloy na paglaban sa mga patakarang neoliberal. Kahit sa harap ng napakamasalimuot na kalagayan, marami pa ring unyon ang pinipiling magpatuloy na labanan ang atakeng neoliberal.

Layon ng papel na ito na suriin ang mga patakarang neoliberal na sinasalamin ng mga patakaran, programa, regulasyon at mga mekanismong umiiral sa bansa na nagdulot ng malaking epekto sa paggawa, sa mga manggagawa at sa kilusang unyon. Tinatalakay din sa papel na ito ang iba't ibang porma at antas ng pagtugon at pakikibaka ng mga manggagawa laban dito.

## I. Pagreistruktura ng ekonomya, mga "reporma" sa batas paggawa sa dekada 80

Sa pagkakabaon ng Pilipinas sa nakapakalaking utang panlabas noong maagang bahagi ng dekada 80, ipinatupad sa bansa ang Structural Adjust Program (SAP), isang neoliberal na modelo o atas kung paano baguhin at "ayusin" ang balangkas ng ekonomya bilang isang kondisyon ng IMF at World Bank para sa mga bayad-utang at panibagong pautang.

Tinukoy ni John Williamson ang SAPs na kilala rin sa tawag na Washington Consensus, [John Williamson, 2000] na bagamat nakadisenyo sa mga indibidwal na bansa, mayroon itong halos magkakatulad na prinsipyo at katangian kung paano ang utos na pagpapalago ng ekonomya, pagsandig sa eksport o pagluluwas ng produkto, pribatisasyon, deregulasyon, liberalisasyon at ang patuloy na pagpapahusay at pangangalaga sa pamilihan. Lahat ng ito ay mga elemento ng neoliberalismo [Economics. help].

Tumutukoy ang neoliberalismo sa nangingibabaw na kapangyarihan ng pamilihan --- malayang pamumuhunan, malayang paggalaw ng produkto at serbisyo, kung saan ang pamilihan ang nagtatakda ng sariling regulasyon para sa trickle down o pagsayad ng distribusyon ng yaman mula sa taas pababa sa laylayan ng lipunan. Nangangahulugan ito sa kalayaan ng kapital na gumalaw ng mas minimal o walang panghihimasok o regulasyon mula sa gubyerno. Subalit sa nakaraang 30 taon, napatunayang ang neoliberalismo ay hindi lamang tungkol sa malayang pamumuhunan at kalakalan, kasama rin dito ang:

- Pagwasak sa mga unyon ng mga manggagawa at pag-alis sa lahat ng sagka sa malayang pag-ikot ng kapital. Ang unyon ay daluyan sa

pagpapataas ng sahod ng manggagawa. Ang kalayaang itinutulak ng neoliberalismo ay ang kalayaan ng negosyo at kapital mula sa mga panghihimasok ng estado at gubyerno.

- Pagpapaliit sa gastusin ng gubyerno sa mga serbisyong panlipunan tulad ng kalusugan at edukasyon.
- Pamamayani ng indibidwalismo at "diin sa indibidwal na responsibilidad" [Corporate Watch].
- Paglaganap ng plesksibilidad sa paggawa --- mga pagbabago sa reglamento para alisin ang mga restriksyon sa kapangyarihan ng gubyerno at kapitalista na magtanggal at magbawas ng mga manggagawa.
- Pagpapaliit ng mga legal na pasahod, pagpapababa o pagpapako sa minimum na pasahod at ang pagpapalawak ng agwat sa pagitan ng mga pampublikong kawani at ng kanilang mga tagapamahala.
- Pagbabawas ng mga pampublikong serbisyo --- pribatisasyon ng mga serbisyo at ahensya ng gubyerno, malawakang pagbabawas ng mga kawani sa gubyerno bilang rekisito sa pribatisasyon.
- Mga reporma sa pensyon at social security kabilang na ang pribatisasyon ng social security ng mga manggagawa [Multinational Monitor, 1999].

Buong-buong niyakap at ipinatupad sa Pilipinas ang mga patakarang neoliberal na ito na sinalamin sa binalangkas na magkakasunod na MediumTerm Development Plan (MTPDP) na binalangkas at ipinatupad ng bawat administrasyon hanggang sa kasalukuyan. Ang MTPDP ang naglalatag sa batayan ng mga batas na pinagtitibay ng kongreso at mga programang isinasakatuparan ng bawat ahensya ng pamahalaan. Lahat ng MTPDPs ay nakaangkla sa pagpapataas ng eksport na nakasalig sa imported na sangkap, pagluluwag ng rekisitos at pagpapalaki ng pribilehiyo para sa pag-akit ng dayuhang pamumuhunan sa mga mayor na sektor ng ekonomya (agrikultura, industriya, at maging sa serbisyo). Kakambal ng MTPDP, nabalangkas din ang National Security Plan na nakatuon sa pagsugpo sa sinasabing pinakamahahabang tuloy-tuloy na insurhensya. Lahat ng MTPDPs ay nakaangkla sa pagpapataas ng eksport na nakasalig

sa pagbibigay seguridad sa dayuhang pamumuhunan laban sa anumang banta at sa pagsugpo sa sinasabing pinakamahabang tuloy-tuloy na insurhensya sa Asya.

Kabilang sa mga saligang sangkap ng MTPDP ang pagtatayo ng mga Export Processing Zones (EPZs) sa bansa na hanggang noong kalagitnaan ng 1990s ay naging pangunahing pinagmumulan ng pangunahing eksport ng bansa – ang garments and apparel. Sa pagtatapos ng dekada 90, napalitan ito ng electronics at semi-conductors tulad ng integrated circuits, PCBs, diodes at iba pa. Gayunman, sa kabila ng inisyal na paglakas ng eksport, patuloy ang kawalang trabaho, nanatiling bagsak ang pambansang ekonomya at lalo pa nga itong nabaon sa lomolobong utang panlabas.

Patuloy na liberalisasyon ng kalakalan at pamumuhunan at pag-alis ng mga proteksyon sa pambansang industriya at maging sa karapatan ng mga manggagawa ang naging solusyon ng mga sumunod na administrasyon sa mabagal na paglago at tumitinding kawalang trabaho. Layon nitong pasiglahin pa ang dayuhang pamumuhunan sa bansa at ang pagpapalakas ng eksport. Kaya't sa simula pa lang, agad na niliberalisa ng administrasyong Corazon Aquino ang pamumuhunan at naglabas ng Executive Order 228 o ang kilala na ngayong Omnibus Investment Code ng 1987. Ginawa nitong simple pero konsolidado ang lahat ng mga batas sa pamumuhunan at nagdagdag pa ng dalawang mahalagang probisyon --- eksempsyon sa pagbabayad ng buwis ng mga negosyong nasa piling larangan ng pamumuhunan (income tax holiday for enterprises in preferred investment areas) at labor expenses allowance na maaring ibawas sa pagbabayad ng buwis (labor expenses allowance for tax deduction purposes).3

Sinasaklaw rin ng liberalisasyon ang sektor ng agrikultura. Katunayan ito ang isa sa pangunahing nasalanta ng liberalisasyon sa pamumuhunan. Noong 1989, ipinasa ang Comprehensive Agrarian Reform Law (CARL) upang mamamahagi raw ng lupa sa mga magsasaka sa loob ng 20 taon. Subalit hindi isinama sa mga dapat maipamahagi ang mga lupang ginagamit sa produksyong industriyal at pinayagan ang mga maylupa na mamahagi ng mga sapi (stocks) sa halip na lupa sa mga magsasaka. Dagdag pa,

pinayagan ng CARL ang palit-gamit ng mga lupaing agrikultural para sa mga industriya upang makahatak pa ng dayuhang puhunan. Nanguna sa malawakang palit-gamit sa lupa ang mga kanugnog na probinsya ng Metro Manila na nagluwal ng mga sentro ng industriya at mga engklabong pang-ekonomya partikular sa Laguna, Batangas at Cavite. Limang probinsya kung isasama pa dito ang Rizal at Quezon at kinonsolida bilang isang sentrong pang-industriya na tinawag na CALABARZON o Region IV-A.

Bilang pagtupad sa patuloy na tulak ng dayuhan na magliberalisa, inamyendahan at pinagtibay ng gubyernong Corazon Aquino ang Foreign Investment Act (RA 7042) noong 1991. Nagpapahintulot ang batas na ito sa 100% dayuhang pagmamay-ari sa mga lokal na empresa at negosyo habang patuloy na inaalis ang mga restriksyon sa mga industriyang nasa negative list o istratehikong mga industriya. Makailang beses pang inamyendahan ang batas na ito ng mga Executive Orders upang patuloy na palawakin ang liberalisasyon at tuluyang makapasok ang dayuhang puhunan tulad sa pagtitingi o retail industry.

**Mga repormang neoliberal sa Batas Paggawa**

Matapos ang liberalisasyon sa pamumuhunan, isinunod ng gubyernong Corazon Aquino ang diumano'y mga reporma sa batas paggawa. Inamyendahan ng kongreso ang Kodigo sa Paggawa o Labor Code of the Philippines (kilala bilang Presidential Decree or PD 442) ng Republic Act 6715 na pangunahing inisponsor ni Senador Ernesto Herrera at dating Secretary General ng Trade Union Congress of the Philippines (TUCP) kaya tinawag din itong Herrera Law. Nilikha nito ang malalaking pagbabago sa relasyong industriyal sa Pilipinas, halimbawa, 1) ginawa nitong legal ang pleksibilisasyon sa paggawa na mas kilala sa kontraktwalisasyon, 2) pinahaba rin ang panunungkulan ng mga sertipikadong unyon at termino ng mga collective bargaining agreement (CBA) mula tatlo hanggang limang taon, 3) ipinaloob at pinagtibay din nito ang mga batas paggawa na hinulma

noong martial law tulad ng (i) masaklaw na kapangyarihan ng Department of Labor and Employment Secretary na tanganan ang hurisdiksyon (assumption of jurisdiction) halimbawa pigilan ang welga o bantang pagwewelga (notice of strike) sa mga establisimyentong sa kanyang opinyon ay magiging banta sa pambansang interes , (ii) mga batas sa welga at pagpipiket.[4]

Kasunod nito, lalo pang nagpalala sa kalagayan ng manggagawa ang RA 6727 o ang Wage Rationalization Act of 1989. Epektibong inalis ng batas na ito ang pagsasabatas ng pambansang minimum na pasahod at sa halip ay ipinasa ang pagtatakda ng minimum na pasahod sa mga binuong Regional Tripartite Wage and Productivity Boards (RTWPB) na diumano ay babatay sa halaga ng pamumuhay sa kanilang mga partikular na lokalidad. Sa esensya, nilegalisa ng RA 6727 ang pagpapaliit ng sahod ng mga manggagawa laluna sa labas ng Metro Manila.

Kasabay ng mga nabanggit na malalaking kapitalistang reporma sa patakaran sa pamumuhunan, kalakalan at batas paggawa na nagpaimpis sa sahod at karapatan ng mga manggagawa at relatibong istabilidad sa pulitika, sumigla ang mga dayuhang negosyo sa bansa. Halimbawa, sa simula pa lamang ng dekada 90, unti-unting pumasok sa bansa ang mga kumpanya mula sa Japan na nasa pag-aasembol ng electronics at naghahanap ng mas murang relokasyon para sa kanilang produksyon [Morisawa, 2000].[5]

**Neoliberalismo sa ilalim ng WTO – mas mahigpit na dayuhang kontrol sa bansa, kawalang trabaho at panunupil**

Noong 1995, pumaloob ang Pilipinas sa World Trade Organization (WTO) sa paniwalang magdudulot ito ng mga benepisyong pang-ekonomya pangunahin sa kanayunan. Nangako ang WTO na magluluwal ng mas maraming trabaho at mga bagong industriya. [6]

Kaya't sa unang taon pa lamang ng pagiging kasapi, agad na nagpasa ang Kongreso ng Pilipinas ng mga mayor na batas na lalo pang nagbukas sa bansa sa pagpasok ng dayuhang kalakal at kapital tulad ng itinatakda ng WTO. Noong Marso 1995, ipinasa ng kongreso ang Philippine Mining

Act ng 1995 (RA 7942) na mistulang nagbuyangyang sa Pilipinas para sa malakihang operasyon ng pagmimina ng mga dayuhang korporasyon. At noong Enero 2012, matapos ang halos 20 taon ng implementasyon, umaabot na sa 1.14 milyong ektarya ang mining tenements na halos singkapat ng natukoy na 9 milyong ektaryang lupain na may mataas na potensyal sa deposito ng mineral mula sa tinatayang 30 milyong ektaryang kalupaan ng bansa.7 Gayunman, ang mga minahan ay nag-iempleyo lamang ng wala pa sa 2% ng kabuuang trabaho sa bansa. Bukod dito, mataas rin ang antas ng kahirapan sa mga lugar kung saan may malawak na pagmimina.

Bukod dito, tinulak rin ng WTO at neoliberalismo ang mga malalaking pagbabago sa istruktura ng paggawa, pinanatili ang napakatinding kawalan ng hanapbuhay at higit pang pinahigpit ang pag-oorganisa ng manggagawa laluna sa dumaraming itinatayong mga special economic zones.

Sa ngalan ng paglikha ng trabaho, ipinasa rin ng gubyernong Ramos ang RA 7916 o ang Special Economic Zone Act ng 1995 upang muli ay hikayatin ang mga dayuhan na mamuhunan sa bansa.

Itinatakda ng ispesyal na batas na ito ang mga istratehikong lokasyon sa iba't ibang bahagi ng bansa para sa pagtatayo ng mga pribadong special economic zones (SEZs) at mga sentrong indusriyal, mga engklabo para sa information technology (IT parks) at iba pa. Nag-aalok ang batas na ito ng mga insentibo sa mga dayuhan tulad ng 5-8 taong libreng buwis (tax holiday), 100% pagluluwas ng tubo, prayoridad at akses sa mga bangko at mga institusyong pampinansya, garantiya sa seguridad at kaligtasan ng mga dayuhang mamumuhunan at pang-industriyang kapayapaan. Pinasidhi rin ng batas na ito ang deployment ng mga pwersang militar sa paligid ng bawat SEZs bukod pa sa internal at sarili nitong pwersang pangseguridad na pinangangasiwaan mismo ng administrador ng bawat economic zones.8 Ganito rin ang naging padron sa hakbangin ng gubyernong Gloria Arroyo noong 2008 na magtayo ng tinawag nitong Investment Defense Forces (IDF) para diumano ay mangalaga sa seguridad ng mga minahan, proyekto sa enerhiya at iba pang imprastraktura laban sa banta ng mga rebelde.9

Binubuo ang IDF ng pulis at mga organikong miyembro ng Sandatahang Lakas ng Pilipinas (AFP) na sa simula ay nasa direktang pangangasiwa ng Tanggapan ng Pangulo ng Pilipinas.

Bukod sa ganitong mga garantiya, malaking pang-akit din ng SEZs sa mga dayuhan ang mga matiyaga, bihasa, marunong mag-Ingles, murang paggawa ng mga Pilipino at ang pagbawal sa pagtatayo ng mga unyon at asosasyon ng manggagawa. Kaya naman mabilis na dumami ang bilang ng mga SEZs mula sa 4 na SEZs na pagmamay-ari ng gubyerno noong dekada 80, umabot ito sa 326 nitong Mayo 2015.

| **Operating Economic Zones in the Philippines** May 2015 [PEZA] | |
|---|---|
| | |
| | |
| Agro-Industrial Economic Zone | 21 |
| Manufacturing Economic Zone | 68 |
| IT Parks and Centers | 216 |
| Medical Tourism Zone | 2 |
| Tourism Economic Zone | 1 |
| | |
| Total | 326 |

| MAJOR INVESTORS BY NATIONALITIES | | | |
|---|---|---|---|
| **Nationality** | | **of Companies they owned** | |
| US | 206 | Chinese | 37 |
| Japanese | 566 | German | 32 |
| Koreans | 231 | Australian | 28 |
| Taiwanese | 56 | French | 14 |
| British | 37 | Hongkong | 21 |
| Dutch | 39 | **Source: PEZA website- 2010** | |

Sa kabila ng mga insentibong ito, bibihira o halos kakaunti lamang ang mga naakit na dayuhang mamumuhunan sa sektor ng pagmamanupaktura na maari sanang makalikha ng mas maraming trabaho at makapagpalaki ng eksportasyon ng bansa. Maliit lang din na bahagi ang kontribusyon ng SEZ

sa empleyo na aabot lamang sa isang milyon mula sa kabuuang tinatayang 36 milyong Pilipino na may trabaho.

Liban pa sa pagsasamantala sa likas na yaman para ilaan sa dayuhan, sinasalamin din ng mga patakarang neoliberal ang pribatisasyon at deregulasyon sa industriya ng langis at enerhiya, na kapwa sinalubong ng matitinding protesta bunga ng malaking pinsalang dulot nito sa kabuhayan ng karaniwang mamamayan.


Noong 1996 halimbawa, sa gitna ng matinding protesta laban sa kartel ng industriya ng langis (Shell, Chevron o dating Caltex, at Petron), ipinasa ang Downstream Oil Industry Deregulation Act. Layunin diumano ng batas na buksan ang industriya sa pagpasok ng mga bagong players, magkaroon ng malayang kompetisyon at mawasak ang dominasyon ng kartel ng Big 3 sa industriya. Dumami man ang mga tinatawag na "independent players" wala namang nagbago sa presyo ng produktong petrolyo. Sa halip, pinayagan pa ng batas ang mga kompanya ng langis na awtomatikong iayon ang presyo ng kanilang produkto sa presyo sa pandaigdigang pamilihan nang wala ng pahintulot o regulasyon mula sa gubyerno.10 Kaya naman, naging madali na ang pagmamanipula ng mga kompanya ng langis sa presyo na ang tuwinang isinasangkalan ay ang paggalaw sa presyo sa pandaigdigang pamilihan. Resulta nito, ang matinding pagsirit sa presyo ng mga produktong petrolyo na direktang nagpalobo sa presyo ng mga bilihin at halaga ng pamumuhay na naglugmok sa matinding kahirapan ng mamamayan.

**Kawalang Trabaho sa Gitna ng Paglago**


Noong 2012, 10 milyong Pilipino ang unemployed o walang trabaho (3 milyon) at noong 2012, ang tantos ng kawalang trabaho ay nasa 10.6% habang ang opisyal na datos ng gubyerno ay nasa 7.1%. Anupaman, ang kawalan ng trabaho sa Pilipinas ay hindi mapapasubaliang pinakamalala sa Asya at kabilang sa mga bansang pinakamalala sa buong mundo mula noong 2011. *[Ibon Research*]


Bukod dito, tinatayang aabot sa 7.3 milyon ang manggagawang kulang sa trabaho (underemployed). Hindi pa kasama dito ang 1.15 milyong Pilipino na nadaragdag sa pwersa ng paggawa kada taon mula 2013 hanggang 2016. Gayunman, sangkapat (1/4) lamang ng bilang na ito ang nakakahanap ng trabaho sa bansa. Ang nalalabi dito (3/4) o 910,000 sa new entrants ay nakikipagsapalaran sa labas ng bansa, lumalabas sa lokal na pwersang paggawa, napapabilang sa hukbo ng walang trabaho o sa hanay ng milyong kulang sa trabaho o malamanggagawang nasa informal sector.[11]

Sources of data: ILO Decent Work Profile & DOLE 2013 Yearbook of Labor Statistics




Hindi isinasama sa datos na ito ang mahigit 20 milyong Pilipino na may kakayahang magtrabaho (24-55 taong gulang) at hindi itinuturing na kabilang sa opisyal na pwersa sa paggawa (not in the labor force) ng bansa.[12] Sa opisyal na estadistika ng gubyerno, ito ay tumutukoy sa mga walang trabaho at sumuko na sa paghahanap ng trabaho, o di kaya ay nawalan ng gana o kaya ay nawalan na ng pag-asang makahanap ng trabaho. Sa mga ito, pito sa bawat 10 ay babae. Kung paano nabubuhay ang halos 22 milyong Pilipino ay mistulang misteryo na hindi masagot kahit ng bunton ng mga estadistika at opisyal na mga ulat ng gubyerno.




Aminado maging ang mga ekonomista ng gubyerno na ang kawalang trabaho ay resulta ng pagkabigo na mapaunlad ang sektor ng pagmamanupaktura na dapat sana ay balon ng maraming trabaho. Iginigiit

ng gubyerno na mas matakaw sa kapital (capital intensive) ang industriya at pagmamanupaktura kumpara sa agrikultura at serbisyo, kaya mas kakaunti ang namumuhunan dito. Kung sa porsyento ng GDP, bumagsak ang manufacturing sector ng mababa sa 20% at sa kasalukuyan ay nasa 14% lamang habang ang pangkaraniwan sa mga bansa sa Asya ay higit sa 35% ng ekonomya ang sektor ng pagmamanupaktura.[13] Katiting na 6.6% lamang din ang inilago ng lokal na pamumuhunan na ang kalahati pa ay nagmula sa di-lumilikhang trabaho na mga sektor tulad ng power sector (56.8%) na sinundan ng real estate sector sa 19.5%.

Samakatuwid, lubhang napakaliit ang naiaambag sa paglikha ng makabuluhang trabaho kahit pa ang mga sektor na pangunahing nagtutulak sa paglago ng ekonomya tulad ng electronics industry. Inulat ng Semiconductor and Electronics Industry in the Philippines Inc. (SEIPI) halimbawa na dramatikong tumaas mula sa 3% noong 1970 sa napakataas na 65% nitong 2010 ang eksport ng produktong electronics na umaabot na sa US$30 bilyon ang halaga[14] (SEIPI, 2011). At bagamat tumirik ang paglago ng industriyang ito noong 2012, muli na namang sumipa ito sa 6% growth rate noong 2013. Tinarget ng SEIPI na doblehin ang halaga ng electronics export mula US$22 bilyon noong 2009 sa US$50 bilyon sa 2016.

Subalit sa kabila ng malaking bahagi ng eksportasyon nito, hindi signipikante ang trabahong matatagpuan sa electronics industry. Sa partikular, matatagpuan lamang dito ang kabuuang 500,000 trabaho noong 2010 na halos 1.4% lamang ng mahigit na 36 milyong Pilipino na nasa lakas paggawa sa taong iyon. Nang sumunod na taon, umakyat ito sa 530,000[15] [Working Condition of Pentax Cebu,CTUHR Research, 18 February 2013].

Hindi rin malaki ang naitutulong sa paglikha ng trabaho kahit ng mga itinayong special economic zones (SEZs). Sa pagtataya, umaabot lamang sa isang milyong trabaho ang nalikha ng mahigit 300 SEZs. Mahigit kalahati nito (600,000) ay mga trabahong matatagpuan sa BPO sectors. Halos 0.8% (wala pang isang porsyento) lamang ang naiambag sa nalilikhang trabaho. Ang kalakhan ng mga trabahong nalilikha sa bansa ay matatagpuan sa

sektor ng serbisyo, partikular sa konstruksyon at gawaing bahay kung saan napakakaba ng sahod, mababa ang kalidad at kakarampot ang dagdag na halagang nalilikha.

**Bumabagsak na Sahod, Lumalalang Kahirapan at Di Pagkakapantaypantay**

Noong 2009, tinatayang aabot sa 23 milyong Pilipino o 26.5% ng populasyon ang maituturing na mahirap (below poverty line) habang 41.5% ng populasyon ang nabubuhay ng mas mababa sa US$ 2 kada araw na pandaigdigang pamantayan. [WB-Philippine Economic Update]. Noong Disyembre 2013, iniulat ng National Statistical Coordination Board (NSCB) na ang insidente ng kahirapan ng bansa ay bahagyang nagbago mula sa 26.3% noong 2009 sa 25.2% nitong 2012. Nagpapatunay na walang signipikanteng epekto sa kalagayan ng karaniwang mamamayan ang ipinagmamalaking paglago sa ekonomya.

Tinataya ng Ibon Foundation na mahigit 56 milyon o 60% ng populasyon ay nagsisikap mabuhay sa Philippine Peso (PhP) 100 o mababa pa rito araw-araw. May 10 milyong Pilipino naman na nabubuhay sa PhP 125 kada araw.

Ayon sa obserbasyon ng World Bank mismo, ang paglawak ng di pagkakapantay at kahirapan ay maiuugat sa kawalan ng trabaho at makabuluhang hanapbuhay na nagbibigay ng tunay na sahod sa mga manggagawa. Subalit hindi nabanggit ng World Bank na malaki ang kinalaman ng kanilang mga preskripsyon o atas na baguhin ang ekonomya ng bansa sa nakaraang 30 taon sa pagsahol ng kasalukuyang kalagayan.

Ipinapakita rin ng opisyal na estadistika na ang insidente ng kahirapan sa hanay ng mga may trabaho at walang trabaho ay halos pareho sa 22.4% mula 2006 hanggang 2009. Pero mas dumami pa nga ang mga naghirap sa mga may trabaho kaysa sa mga walang trabaho. Halimbawa, ang bilang ng mga mahihirap na may trabaho ay nadagdagan ng 625,925 kumpara

sa 93,044 na naghirap sa hanay ng mga walang trabaho sa kaparehong panahon.[16]

Ang itinuturing na pinakamahirap sa mga mahihirap ay ang mga mangingisda na 41.4% sa kabuuan. Samantala, 25% o isa sa bawat apat na kababaihang manggagawa ay maituturing na naghirap, na halos kaparehong datos noong 2006 [NSCB- batay sa survey noong 2009 pero inilabas noong 2012).

Hindi ito nakakapagtaka dahil patuloy naman talaga ang pagbagsak ng tunay na halaga ng sahod mula 2001. Lalo pang lumayo ang pagitan ng natatanggap na sahod ng manggagawa kumpara sa halagang kailangan nito para mabuhay nang maayos. Ang PhP 466 minimum na pasahod sa Metro Manila (pinakamataas sa buong bansa) ay halos 44.2% lamang ng tinatayang PhP 1,054 na Family Living Wage (FLW). Ang agwat ay mas malaki ng 5.8% kumpara noong 2003 kung saan ang minimum na pasahod ay kalahati o 50% ng FLW. Tinataya naman ng ILO na 32% ng mga mahihirap sa bansa ay mga sahurang manggagawa.[17]


Malinaw kung sino ang nakikinabang sa sinasabing paglago ng ekonomya ng bansa. Ang netong yaman ng itinuturing na 40 pinakamayayamang Pilipino ay tumaas ng US$ 16.8 bilyon noong 2012 na halos katumbas ng mahigit 70% ng inilaki ng Gross Domestic Product (GDP).

**Nagbabagong Istruktura ng Relasyong Industriyal: Pagkawasak ng mga Regular na Trabaho at Pagtindi ng Pleksibilisasyon**

Sa opisyal na estadistika, umaabot sa 39 milyon ang lakas paggawa ng Pilipinas o 61.775 milyong Pilipino na may edad 15 taong gulang pataas. Sinasabing 92% nito ay maituturing na naka-empleyo at aabot lamang sa tatlong milyon ang walang trabaho.

| | April 2014 | April 2013* |
|---|---|---|
| Labour Force (000) | 39,389 | 38,913 |
| Employed | 36,420 | 36,137 |
| Unemployed | 2,969 | 2,776 |
| Industry | 100.0 | 100.0 |
| Agriculture | 30.7 | 31.2 |
| Industry | 16.4 | 16.2 |
| Services | 52.8 | 52.7 |
| Source: Bureau of Labor and Employment, Q1 2014 | | |

Sa isang bansang agraryo sa pangkalahatan na may maliit na base ng pagmamanupaktura, nakakabahala ang mabilis na paglaki ng sektor ng serbisyo tulad ng makikita sa 52.8% na bahagi nito sa empleyo habang 16% lamang ang nasa industriya. Patuloy ding lumiliit ang empleyo sa sektor ng agrikultura. Sa nakaraang mga dekada, ang naiempleyong kababaihan ay lagi nang mababa kaysa kalalakihan.




Source: Serrano, 2014 State of Employment in the Philippines under Neoliberalism, ILO (2012) Decent Work Country Profile The Philippines, Geneva: ILO, p. 21.

Hindi rin naman kainaman ang kalagayan ng mga may trabaho. Mula 2008, ang bilang ng mga regular na manggagawa ay mabilis na lumiit. Sa pagtataya ni M. Serrano, isa sa bawat 3 manggagawa ay di-regular at

mahigit kalahati (52.3%) ng mga di-regular ay kontraktwal o kaya ay project based, sunod ay mga probationary (22.7%) at kaswal na mga manggagawa (17.6%).[18]

Declining Regular or Permanent Jobs (Pag-impis ng mga Permanente at Regular na Trabaho)

| Type of worker | 2008 | 2010 | 2012 |
|---|---|---|---|
| Total | 2,599, 228 | 2,617,417 | 3,769,000 |
| Regular | 1,867,680 | 1,767,332 | 2,093,000 |
| % to total | 71.9 | 67.5 | 55.5 |
| Non-regular | 731,548 | 850,085 | 1,149,000 |
| % to total | 28.1 | 32.5 | 30.5 |
| Source: Serrano, Melissa, 2014 a compiled from DOLE-BLES Data | | | |

Matatagpuan ang iba't ibang tipo ng di-regular na manggagawa sa agrikultura, pagmamanupaktura at serbisyo. Kapansin-pansin sa kanila ang mga apprentice at trainees na bumubuo sa 60% ng kabuuang di-regular na manggagawa sa pagmamanupaktura. Nangangahulugan ito na mahigit 2 sa bawat 3 manggagawa ay nasa informal sector. Aabot naman sa 75% ng mga manggagawa o mahigit 28 milyong Pilipino ay di-pormal na nakaempleyo,[19] walang katiyakan sa kanilang trabaho at walang oportunidad para makahanap ng makabuluhang pagkakakitaan[20] [WB report 2013].

Ang pinakakaraniwang tipo ng iskemang flexible employment ay ang malawakang paggamit ng manpower agency, "kooperatiba" ng mangagagawa o third party labor suppliers.

Pinakaklasikong halimbawa ng ganitong iskema ng pagpapatrabaho ang nangyayari sa mga SM malls (Shoemart). Sa tinatayang 26,000 manggagawa sa lahat ng SM sa bansa, tinatayang aabot lamang sa 2,000 ang regular na manggagawa. Sa mga plantasyon ng pinya ng Dole Philippines (Dolefil) sa Mindanao, aabot lamang sa 4,500 ang regular sa mahigit 23,000 manggagawa na naka-"empleyo" sa 8 manpower agency na nakarehistro bilang labor cooperative. Sa isang pulong, inamin ng kumpanya

na ang kanilang banana division (Stanfilco) at asparagus production ay nag-iempleyo ng 30,000 manggagawa sa pamamagitan ng "multi-layer and multi-dimension employment arrangement" partikular ang paggamit ng iskema ng contract growers na nag-iempleyo naman ng kanilang mga manggagawa mula sa mga labor cooperatives o direkta nilang kinukuha (Pakikipagpulong ng CTUHR sa mga upisyal ng Dole Foods EVP, Hunyo 2013).

Katulad din ang sitwasyon sa sektor ng pagmamanupaktura. Halimbawa sa Mitsumi Cebu na kabilang sa pinakamalaking electronics at semiconductor na kumpanya sa Pilipinas. Tinatayang aabot sa 75% ng mahigit 26,000 trabahador dito ay nasa short-term employment status tulad ng on the job traines, contractual o probationary. Ang mga iskemang ganito laluna ang on the job trainees (sa aktwal ay hindi mga istudyanteng nagasasanay) ay isang paraan lamang upang makaiwas sa pagbabayad na legal na minimum na pasahod ng batas.[2]

Largest number of non-regular workers by industry and category

| | |
|---|---|
| Probationary workers | Administrative & support service activities (28.2%) |
| Casual workers | Manufacturing (39.6%) |
| Contractual/ project-based workers | Administrative & support service activities (33.3%) |
| Seasonal workers | Agriculture, forestry & fishing (38.9%) |
| Apprentices/ learners | Manufacturing (69.1%) |

| Type of service/job | % to total agency employment (2012) |
|---|---|
| Production/assembly (manufacturing) | 33.6 |
| Security & janitorial | 32.1 |
| Marketing/sales | 5.0 |
| General administrative | 4.7 |
| Packaging | 4.4 |

Source: Serrano, 2014 - collected from 2011/2012 BLES Integrated Survey Statistics on Non-Regular Worker

Hindi lamang nagresulta sa pagkawasak ng mga permanenteng hanapbuhay at kawalang seguridad sa trabaho ang ganitong relasyong pang-industriya kundi higit pang pagsupil sa legal na karapatang magorganisa at makipagtawaran ng mga manggagawa. Tradisyonal na base ng mga unyon ang regular na mga manggagawa kaya ang pagliit ng bilang ng regular sa kabila ng paglaki ng pwersa ng paggawa ay direktang nagpapaliit at nakapagpapahina ng base ng unyon. Ang di-regular na empleyo ay lalo pang nagpaimpis sa sahod, nagpalala sa kondisyon sa paggawa at nagkait ng mga social protection benefits.

Lalo pang pinalala ng impormalisasyon at pleksibilisasyon ng paggawa ang di-makataong kondisyon at mapang-aping kalagayan ng mga manggagawa. Sa Hanjin Shipyard sa Subic, Zambales, binabagabag ng aksidente sa paggawa ang mga manggagawa na inempleyo sa pamamagitan ng 14 na sub-contractors. Umaabot na sa 10 manggagawa ang namatay sa mga aksidente bunga ng di-ligtas na kondisyon sa pagtatrabaho. Masahol pa, hindi inaako ng kumpanya ang pananagutan sa mga aksidenteng ito at sa halip, itinuturo sa 14 na subcontractors ang pag-ako ng responsibilidad sa mga manggagawa. May 21,000 manggagawa ang Hanjin Heavy Industries and Construction Corp (HHIC) at itinuturing na pinakamalaking single foreign direct investment sa Pilipinas na may inisyal na puhunang aabot sa US$721 milyon. Binigyan ito ng permisong mag-opereyt ng isang malaking pagawaan ng barko sa Subic sa loob ng 50 taon. Bawat barkong nalilikha ng mga manggagawa ay nabibenta ng US$ 850 milyon.

**Paglelegalisa ng Patakarang Kontra-Manggagawa at Kontra-unyon**

Bago noong dekada 70, ang relasyong industriyal sa Pilipinas ay masasabing bipartite o relasyong-dalawang-partido (employer at manggagawa) lamang gaya nang isinasaad sa Industrial Peace Act ng 1953. Ang lundo ng relasyong industriyal ay masasalamin sa samasamang pakikipagtawaran o collective bargaining. Protektado bagamat limitado ng mga batas ang karapatan sa pag-oorganisa, pakikipagtawaran at mas simple ang proseso ng pagkilala (at rehistrasyon) ng mga unyon at samahang manggagawa. May Korte ng Relasyong Industriyal (Court of Industrial Relations) na may saklaw sa lahat ng usapin sa paggawa gayundin sa aplikasyon at interpretasyon ng batas-paggawa.

Mula nang ipinatupad ang mga patakarang kaakibat ng SAPs, pinairal ang tripartismo o relasyong-tatlong-partido (employer, manggagawa at gubyerno) bilang patakarang industriyal. Ito raw ang mekanismo para sa pag-abot sa produktibidad, distribusyon, pagresolba sa kawalan at kakulangan sa trabaho, pleksibilidad, kabuhayan at iba pang patakarang makro-ekonomiko. Kaya naman, naglunsad ang gubyerno ng maraming tripartite consultations upang pag-aralan ang usapin ng pasahod, pamantayan sa paggawa, relasyong industriyal at magharap ng mga rekomendasyon tungo sa pagbalangkas ng mga bagong batas paggawa.

Ayon kay Dr. Bach Macaraya, ginamit ng rehimeng Marcos ang mga tripartite conferences upang isulong ang istratehiyang labor-intensive and export-oriented (LIEO strategy of development) na nakatuntong sa patakaran ng murang paggawa at nakatuon para maging mas mabili (competitive) ang mga produktong eksport sa pandaigdigang pamilihan. Pero noon pa man, pinagdududahan na ang kaangkupan ng mekanismong tripartite dahil binuo ito ng mga kinatawang malinaw na pumapabor sa iilang grupo ng employer at manggagawa at sentralisado rin ang pagbubuo ng mga desisyon (Teodosio and Perete, Tripartism and the State in the Philippines in the 1990s, 1998).

Sa balangkas din ng tripartismo, hinikayat ng gubyernong Marcos ang pagtatayo ng dalawang pambansang organisasyong sektoral, para katawanin ang organisadong manggagawa at ang isa naman ay para sa mga employer. Noong 1975, binuo ang Trade Union Congress of the Philippines (TUCP) at ang Employers Confederation of the Philippines (ECOP). Mula noon, ang TUCP na ang kumakatawan sa Pilipinas (at sa manggagawang Pilipino) sa mga kumbensyon at kumperensya tulad sa International Labor Organization (ILO).

Tulak ng mapaminsalang globalisasyong neoliberal, sa mga sumunod na panahon pa, ang sistema ng relasyong industriyal ng bansa ay muli't muling irereporma upang "i-demokratisa" at maglagay ng mga institusyonal na moda ng pagkakaisa ng kapital, paggawa at gubyerno. (Ibid) Susulpot ang ilang instrumento para dito tulad ng Code of Industrial Harmony, the Industrial Peace Accord, pagtatayo ng Tripartite Accord Coordinating Council, TVAAC at ang Tripartite Industrial Peace Council (TIPC) (Macaraya, supra).

Noong 1988, inamyendahan sa pamamagitan ng RA 6715 o ng Herrera Law ang Kodigo sa Paggawa ng 1974 (Martial Law Presidential Decree 442). Tulad ng naunang nang nabanggit, pinatindi ng amyenda ang panunupil sa karapatang manggagawa sa pamamagitan ng kodipikasyon ng mga ispesyal na batas paggawang nalikha sa panahon ng Martial Law na naging integral na bahagi sa RA 6715 ng nag-aastang demokratikong gubyerno ni Corazon Aquino.

Ang mga batas tulad ng BP 227 at batas sa AJ (Assumption of Jurisdiction) ay ginamit sa daandaang kaso ng mga marahas na pagbuwag sa welga at iba pang porma ng paglabag sa karapatang pang-unyon at pangtao partikular mula 2000 hanggang sa kasalukuyan. Tampok dito ang masaker sa Hacienda Luisita noong 2004 kung saan pitong manggagawa ang namatay at mahigit 100 ang nasugatan, inaresto at ikinulong [CTUHR study, position paper].

Pinormalisa din at ginawang legal ng RA 6715 ang pleksibilidad ng paggawa sa pamamagitan ng pagpasok ng mga probisyon sa pag-iempleyo ng apprentice, casual, learner at mga student trainees na mas mahaba ang oras paggawa subalit mas mababa ng 25% ang sahod sa tinatanggap ng mga permanenteng manggagawa.

Isa pang iniluwal ng mga tripartite consultations ay ang pagtatayo ng National Wage and Productivity Councll upang diumano'y mag-aral at magrebyu ng sistemang pasahod mula 1986. Resulta nito, ipinasa ang Republic Act 6727 or Wage Rationalization Act noong 1989 na nagbunga sa pagkakaroon ng mahigit 1,000 wage levels o antas ng pasahod sa iba't ibang bahagi ng bansa.

**Tripartismo: Pagsasaayos o Kooptasyon?**

Sa panahon ng rehimeng Fidel Ramos, naganap ang isang mayor na pagbabago sa patakaran nang gamitin nito ang sistemang tripartismo para maging instrumento sa pagbabalangkas ng mga patakarang pangekonomya at pang-industriya ay aangkop sa rekisito ng structural adjustment programs (Teodosio, Perete). Nagpokus ang mga isinagawang pambansang kumperensya sa tripartismo sa pag-unawa sa globalisasyon, pagtukoy sa mga epekto nito at mga bagong papel na gampanin ng mga social partners, pagpapasigla sa mga entreprenyur, pagseguro ng katiyakan na may mga trabaho sa halip na katiyakan sa mga trabaho at pagtatakda ng mga safety nets (Macaraya, supra).

Sa pagtatawag ng kaliwa't kanang mga kumperensya, napagtagumpayan ng rehimeng Ramos sa isang antas na makamit ang kooperasyon ng iba't ibang sentrong unyon sa pagpapatupad ng binuo nitong MTPDP. Bukod sa TUCP, nakiisa na rin ang Federation of Free Workers (FFW) at iba pang mga sentrong unyon na sumuporta sa gubyerno ni Corazon Aquino. Sumama din dito ang mga pederasyong humiwalay sa Kilusang Mayo Uno tulad ng National Confederation of Labor na nang lumaon ay naging aktibong bahagi ng mga konsultasyon hinggil dito. Kasama ng mga unyong ito, binalangkas ang ilang "social accords" na naglayon ng

kapayapaang pang-industriya at paglaan ng diumano'y safety nets para salagin ang matinding epekto ng globalisasyon.

Ipinagpatuloy ng mga sumunod na rehimen ang polisiyang tripartismo, para bigyan ng maskarang demokratiko ang relasyon sa paggawa at kabigin ang suporta ng ilang mga sentrong unyon at organisasyon, ihiwalay ang militanteng seksyon ng paggawa na sa katotohanan ay higit na nagpalalim sa pagkawatak-watak ng dati nang hating kilusang paggawa. Sa katunayan, sa panahon ng gubyernong Gloria Arroyo hanggang sa kasalukuyan, pinalawak pa ang saklaw ng tripatismo at isinama na rin dito ang mga nongovernment organizations (NGOs), civil society organizations (CSOs), technical schools at iba pang ahensya ng gubyerno. Pinagbuklod sila sa tinawag na National Tripartite Industrial Peace Council (NITPC-plus). Sa kasalukuyan, binubuo ang NTIPC+ ng 52 organisasyon ng mga manggagawa, 81 employer organizations, 26 mula sa youth sector, 40 ahensya ng gubyerno, 50 pandaigdigang organisasyon, at 6 na Industry Tripartite Council (ITCs) [DOLE BLR Website].

Pangunahing responsable ang TIPC sa pagbabalangkas ng implementing rules and regulations ng RA 6715 partikular sa pleksibilisasyon ng paggawa. Tampok dito ang Department Order 18-A na nagpahintulot sa mga mamumuhunan na may Php 3 milyong kapital na makapagbuo ng mga subcontracting agencies at/o mga labor cooperatives na sa esensya ay pagsasalegal ng malawakang paggamit ng mga manpower agencies at mga suplayer ng manggagawa sa mga industriya at iba pang sektor. Nagresulta ito sa direktang pagkawasak ng sistema ng direktang pag-iempleyo ng mga kumpanya (direct employer-employee relationship).

Suportado ng TIPC+ ang 22 point labor agenda ng gubyernong Noynoy Aquino. Itinayo rin ang mga TIPC/TIPC+ mula sa pambansang antas hanggang sa mga syudad at munisipyo, at hinikayat din ang pagtatayo nito sa sektor ng mga industriya. Katunayan, ilang industrial sector na ang nakapagtayo ng Industry Tripartite Councils at nakapagbalangkas ng 43 Voluntary Code of Good Practices [Hinalaw sa DOLE BLR website Abril 2016].

Pinuri ng ILO at iba pang pandaigdigang ahensya ang ganitong mga pormasyon na nagtipon sa mga malalaking sentrong unyon (maliban sa militanteng Kilusang Mayo Uno), mga CSOs at labor federations para makipagtulungan sa gubyerno. Gayundin, suportahan ang tripartismo na sa pinakaubod ay pagsasakatuparan ng neoliberalismo. Sa balangkas ng TIPC, nakakamit ng gubyerno at kapital ang "labor seal of approval and endorsement" maging sa pleksibilisasyon, sistematikong pagluluwas ng murang paggawa at ang diumano'y kapayapaang pang-industriya. Kaya naman mahina kundi man nawawala ang kredibilidad ng kasapi ng TIPC+ na tuligsain ang DO 18-A halimbawa at iba pang anyo ng labor flexibilization.

## II. Atakeng Neoliberal sa Kilusang Manggagawa

Sa Pilipinas, ang unyonismo ay matatawag na enterprise-based o unyon sa tiyak na lugar paggawa. Itinatakda ng batas paggawa, ang patakarang isang-kumpanya-isang-unyon at ang samasamang pakikipagtawaran (CBAs) ay pakikipagkasundo sa isang tiyak na employer ng isa o iba't ibang pagawaan na may malinaw na relasyong employer-employee. Binubuo naman ang mga pambansang pederasyon ng mga manggagawa ng mga general unions (unyon ng manggagawa na nagmumula sa iba'-ibang sektor o industriya). Ang trade union centers ay binubuo ng 10 o mahigit pang labor federations. Ang ganitong istruktura sa kilusang unyon ay iniluwal ng Martial Law nang ipagbawal nito ang industry-based unionism (unyon batay sa industriyang nag-empleyo sa manggagawa) at naging masalimuot ang collective bargaining. Sa ganito, naging masalimuot din ang pagtukoy kung anong unyon ang dominante sa isang partikular na industriya o sektor.

May mahabang kasaysayan ang kilusang paggawa sa Pilipinas na nagsimula pa sa mga huling taon ng kolonyalismong Espanyol noong 1800s at naging mahalagang bahagi ng rebolusyunaryong kilusan laban sa kolonyalismo. Nagpapatuloy ang ganitong simulain ng mga unang unyon hanggang sa kasalukuyang henerasyon ng mga militante at makabayang unyon sa bansa.

Subalit katulad sa ibang bansa, may mga unyong ding binuo ang mga nasa kapangyarihan at iba pang interest group upang kontrahin, hatiin at pahinain ang mga militanteng unyon. Kaya naman mula noon hanggang ngayon, istorikal ang pagkakawatakwatak ng kilusang paggawa. Ang pagkakahati ay pinasisidhi o pinapupurol ng kanya-kanyang pagtugon at paninindigan sa mga epekto ng patakarang pang-ekonomya sa manggagawa at mamamayang Pilipino at sa pakikitungo sa gubyerno.

Noong 1986 matapos ang Pag-aalsa sa Edsa, tinangkang pagkaisahin ang lahat ng unyon sa ilalim ng Labor Advisory and Consultative Council (LACC). Subalit ang pagkakaisang ito ay mabilis na naudlot matapos na isagasa sa mga manggagawa ang Herrera Law at ang Wage Rationalization Act ng 1989 na binalangkas at isinulong ng mga pinuno ng TUCP. Noon pa man, ang TUCP ay mahigpit na katuwang ng gubyerno at itinuturing na dilawang unyon ng mga progresibo at militanteng unyon. Halos ganito na rin ikategorya noon ang Federation of Free Workers (FFW) matapos na tuwiran itong sumuporta sa makaglobalisasyong gubyerno ni Fidel Ramos.


Itinuturing namang sentro ng mga makabayan at militanteng pederasyon ng mga manggagawa ang Kilusang Mayo Uno (KMU) na itinatag noong 1980. Mula noon, hinamon na ng KMU ang mga kontra-manggagawang postura at paninindigan ng mga dilawang unyon. Tumatak ang KMU sa kasaysayan dahil sa magiting nitong pakikibaka laban sa diktadurang Marcos na ibayong nagpalawak at naglatag ng kasapian nito sa buong bansa. Pinangunahan nito ang mahigit 500 welga noong dekada 80 na itinuturing na rurok ng pakikibakang manggagawa sa kasaysayan.

Gayunman, mula nang mga huling taon ng dekada 80, unti-unti ang pagliit ng kasapian ng mga unyon bunga ng magkakatuwang na epekto ng pleksibilisasyon, paglaki ng impormal na paggawa at mga kontra-unyong patakaran ng gubyerno. Higit pang dumausdos ang kasapian ng mga unyon noong 2001 nang ipaloob ang relasyong industriyal sa War on Terror ng gubyernong Gloria Arroyo. Isinama ang mga sigalot sa paggawa bilang

bahagi sa ipinatupad sa Oplan Bantay Laya 1 at 2 na programang kontra-insurhensya ng militar. Naganap sa panahong ito ang malagim na yugto sa kasaysayan ng unyonismo kung saan ang mga lokal na unyon partikular ang mga nasa bandila ng KMU ay dumanas ng karahasang militar. Inatake ang militanteng unyonismo sa iba't ibang larangan at sa samutsaring porma ng panunupil at panlilinlang. Dinanas ng KMU ang pinakamalubhang pinsala sa pagkawala ng marami nitong unyon at pagpatay o pag-aresto sa daandaang lider, organisador, edukador at kasapi nito.

Lalo pang umimpis ang hanay ang organisadong paggawa. Mula sa tinatayang 3.85 milyon na unyonisadong manggagawa noong 2001 o 13.2% ng kabuuang naka-empleyo, bumagsak ito sa 1.956 milyon o 5.5% ng kabuuang empleyo. Kahit pa sinasabing tumaas sa 4.3% kapwa sa pribado at pampublikong sektor ang bilang ng unyon sa pagitan ng 2011-2013, tinatayang aabot lamang sa 1,855,000 ang kasapian nito na nakaorganisa sa 18,407 na unyon na nahahati pa sa iba't ibang trade union centers at oryentasyong pampulitika.

Walang tiyak na datos kung paano ito nahahati sa mga trade union centers. Ayon sa TUCP, mayroon diumano silang 1 milyong kasapian. Aabot naman sa 400,000 ang kasapian ng KMU. Sinasabi namang may 80,000 miyembro ang Alliance of Progressive Labor (SENTRO). Walang malinaw na datos na makuha para sa kasapian ng FFW at iba pang pambansang pederasyon ng manggagawa.



Nakakaalarma na nga ang mabilis na pagdausdos ng bilang ng kasapian ng mga unyon, subalit ang higit pang nakakapangamba ay ang mas mababa pang bilang ng mga manggagawang saklaw ng mga collective bargaining agreements (CBAs). Tinatayang hindi na lalagpas sa 280,000 manggagawa ang nasasaklaw ng mga CBA. Iba pang usapin ang kalidad ng mga CBA na nabubuo.

**Pagharap sa Hamon at Pakikibaka**

Dalawang klase ng pagtugon ang naging sagot ng mga manggagawa sa atakeng neoliberal sa manggagawa at kilusang unyon. Ang una ay ang pagtanggap na hindi mapipigil ang globalisasyong neoliberal at kinakailangan na ito ay angkupan ng mga "bagong istratehiya at pamamaraan"; at ikalawa, ay ang ibayong pagsusulong at pagpapaigting ng lahat ng porma ng pagtatakwil at pakikibaka laban sa neoliberalismo.

Para sa ilang mga unyon at organisasyong manggagawa na "tumanggap" na lamang na wala nang magawa sa atake ng globalisasyong neoliberal, ang tanging paraan para igpawan ito ay mga malikhaing paraan ng pag-angkop sa balangkas ng tripartismo. Nangangahulugan ito ng pakikisangkot at pakikipagtungali sa gubyerno, employer at iba pang industry player para sa pagbubuo ng mga patakarang nagtitiyak sa pagpapabuti ng kondisyon sa paggawa, pagpreserba ng mga unyon habang naghahanap ng mga malikhaing paraan para manatiling buhay ang pag-oorganisa ng mga manggagawa sa loob ng sistemang neoliberal.

Kaya naman iba't ibang panukala ang sumulpot para mapatibay ang karapatang mag-organisa ng mga manggagawa. Sa simula pa lang ng dekada 90, ilang pambansang sentrong unyon (FFW, TUCP) ang nagpanukala sa pagbubuo ng mga workers cooperative para tipunin dito ang mga natanggal na manggagawa laluna sa sektor ng tela at kasuutan (garments). Layon ng mga kooperatibang ito na ihanap ng mga bagong proyekto, mapagkakakitaan o trabaho ang miyembrong natanggal sa trabaho. Subalit, pinutakte ito ng pagpuna dahil wala na itong ipinag-iba sa mga kumpanyang subcontractor at mga labor supplier na nagsasamantala sa mga manggagawa.

Bukod sa kooperatiba, may iba naman ding paraan para organisahin ang mga manggagawang nawalan ng hanapbuhay. Ito ay sa pamamagitan ng pagbubuo ng mga samahang manggagawa (na posible kapwa sa pormal at di pormal na sektor). Sa katunayan, tumaas ng 121% ang kasapian ng mga samahang manggagawa mula 2008 hanggang 2013. Mula sa kabuuang 576,267 noong 2008 nadagdagan ito ng 32,424 noong 2013. Samantala, tumaas din ang bilang ng mga samahang manggagawa ng 106% noong nakaraang taon.

Pero di tulad ng unyon, ang samahang manggagawa ay walang karapatang makipagtawaran (right to collectively bargain) at magwelga (right to strike) kaya marami sa kanila ay nakatuon sa pagpapahusay ng kanilang kabuhayan sa pamamagitan ng mga livelihood projects na maaring pondohan ng Department of Labor.

Bagamat masasabing nanatili ang legal na karapatang magorganisa ng mga manggagawa, ang mabilis na pagtaas ng bilang ng mga samahang manggagawa (workers association) ay lalo pang nagpapahina sa unyonismo dahil napapalitan ang pakikibakang unyon ng pakikibaka ng mga samahang mangagawa para sa suportang pangkabuhayan na hindi nito tinutunggali ang neoliberal na istrukturang panlipunan. Sabihin pa, pinalalabnaw nito at inililihis ang tunay na kahulugan at esensya ng kalayaan sa pag-oorganisa (freedom of association).

Pero sa maraming unyon, ang isa pang paraan ng pagharap sa neoliberalismo ay ang militanteng pagtatakwil at paglaban dito na pangunahing kinakatawan ng militanteng sentrong unyon ng Kilusang Mayo Uno kasama ang mga kaalyado nitong independyenteng unyon, mga kilusan at organisasyon sa iba’t ibang sektor ng lipunan. Sa samutsaring pagkilos at aktibidad, pinangunahan ng KMU ang paglalantad sa mga programa at patakaran ng globalisasyong neoliberal at tuloy-tuloy nitong nilabanan ang iba’t ibang pakana at patakaran na ipinatupad ng naghalinhinang mga rehimen.

Sa pangkalahatan, lalo pang pinatingkad ng magkaibang posisyon na ito ng mga sentrong unyon ang istorikal na pagkakahati at tunggalian sa hanay at sa pagitan ng mga unyon sa Pilipinas.


**Paglaban sa mga Atakeng Neoliberal**

Hindi lahat ay sumuko at umangkop na lamang sa paninibasib ng neoliberalismo. Mayroon ding mga sektor at grupong tuloytuloy na lumaban dito. Pinatunayan ito ng mga maninning na paglaban ng iab't ibang grupo sa mga patakarang globalisasyon at nagpatunay na may alternatiba dito.

Agad na binatikos at sinalubong ng protesta ang Mining Act ng 1995 halimbawa. Malawakan itong tinuligsa at nilabanan hindi lamang ng militanteng kilusang masa kundi maging ng maimpluwensyang Simbahang Katoliko na tuloytuloy na nananawagan para sa pagwawakas nito. Pero sa kabila ng malawakang protesta, inayunan pa at pinagtibay ng Korte Suprema ang Mining Act. Lalo pa itong nagpaypaypay ng mas matinding protesta at paglaban kabilang na ang pakikibaka ng mga rebolusyonaryong grupo tulad ng New People's Army (NPA).

Mula noong 2012, matapos ang matinding pagbaha at pagguho ng mga bundok na kumitil ng daandaang buhay ng mamamayan sa Mindanao, nalantad nang husto ang tindi ng pinsalang dulot ng operasyon ng mga malalaking minahan at plantasyon ng mga dayuhan. Ibayong nasadlak sa matinding kahirapan at pagsasamantala ang mga magsasaka, manggagawa laluna ang pambansang minorya. Lalong tumindi ang operasyong militar ng mga Investment Defense Forces. Pero sunodsunod na naglunsad rin ng pag-atake sa mga plantasyon at minahan ang mga yunit ng New People's Army (NPA). Nanawagan ito ng pagwawakas sa operasyon ng malalaking minahan at sa pagpapalawak ng mga dayuhang plantasyon ng mga produktong pangeksport. Sinuportahan ng NPA ang pakikibaka ng mamamayan para sa makabuluhang sahod, katiyakan sa trabaho at pagtatanggol sa karapatang manggagawa gayundin sa karapatan ng mga katutubo sa kanilang lupang ninuno. Tahimik na ipinagbunyi ng mamamayan ang bawat reyd ng mga gerilya at marami ang nagpapalagay na ang ganitong pagkilos ng mga NPA ang pinakawastong pagtugon sa pinsalang nilikha ng mga malalaking minahan at plantasyon ng dayuhan.

Sa ilang interbyung isinagawa, nagkwento ang maraming manggagawa na mula nang magkaroon ng malaking reyd ang NPA sa Taganito at minahan ng HPAI (bahagi ng Nickel Asia) sa Surigao noong 2012, nakaramdam sila ng malaking pag-iiba sa naging tunguhin ng kanilang employer. Ayon sa kanila, napansin nila ang mas maingat na pagkilos ng mga kapitalista sa paglabag sa mga batas paggawa tulad ng batas sa pasahod at mga lehitimong benepisyo ng mga manggagawa. Nagbigay din ito ng lakas ng loob sa mga manggagawa na kumilos, magtayo ng kanilang mga unyon at organisahin ang kanilang paglaban. Noong Oktubre 2014, naipagtagumpay ng mga manggagawa ng Cagdianao Mining Corporation (bahagi ng Nickel Asia)ang kanilang pakikibaka sa pagpirma ng collective bargaining agreement (CBA) na naglalaman ng makabuluhang pagtaas sa kanilang sahod at benepisyo.




Lumiit man ang bilang ng aktwal na welga ng mga manggagawa, subalit hindi naman naampat ang pagdaluyong mga protesta sa iba't ibang porma. Sa mga nakaraang taon, tuloytuloy na iginiit ng mga unyon ng manggagawa ang kanilang pakikibaka sa sahod, trabaho at karapatan. Nag-iiba lamang ang taktika at ipinaglalaban subalit patuloy ang pakikibaka.

Mula 1999 halimbawa, isinulong na ng Kilusang Mayo Uno at mga kaalyado nitong organisasyon maging sa labas ng kilusang manggagawa ang panawagan para sa Php 125 across-the-board wage increase sa pambansang saklaw para maiagapay kahit paano ang pasahod ng bansa sa mabilis na pagsirit ng presyo ng mga bilihin at produktong petrolyo. Sa antas lokal, naipagtatagumpay ang pakikibaka para sa dagdag sahod na sa ilang kaso ay mas mataas pa sa minimum wage o sa halagang itinatakda ng mga Regional Tripartite Wage and Productivity Board (RTWPB). Isinusulong din ng militanteng kilusang manggagawa ang pagbubuwag sa lahat ng RTWPB at pagbasura ng RA 6727.

Ang TUCP naman at iba pang sentrong unyon na umuupo sa RTWPB ay humihingi ng umento sa sahod sa pagsusumite ng petisyon sa RTWPB. Kakatwa ito dahil bahagi din naman sila ng didinig at magpapasya sa sarili nilang petisyon.

Panapanahon laluna kapag nasusukol ng protesta at opinyong publiko, napipilitan ang RTWPB na magpasa ng desisyong magdagdag sa minimum na pasahod na kadalasan ay nakakainsulto pa nga sa mga manggagawa. Halimbawa ay ang pagdagdag sa cost of living allowance (COLA) na ang pinakahuli ay nitong magpasa sila ng karagdagang PhP 13.00 (US$ 0.25) na halos katumbas lamang ng isang balot ng noodles sa tindahan.

Tulad ng dapat asahan, ang panawagan para sa makatwiran at makabuluhang pagtataas ng sahod ay mariing tinutulan hindi lamang ng ECOP kundi laluna ng mga Foreign Chambers of Commerce partikular ang American Chamber of Commerce at Alliance of Multinational Companies in the Philippines. Ikinakatwiran nila na ang pagtataas ng sahod ay magwawaksi sa competitive edge ng bansa (mas lalaki daw ang sahod ng manggagawa sa Pilipinas kumpara sa ibang kalapit na bansa na maaring pumigil sa pagpasok ng dayuhang mamumuhunan), magluluwal ng implasyon o pagtaas ng presyo ng mga bilihin, at makakadiskaril ng negosyo sa bansa.

Noong Oktubre 2014, inilunsad ang malaking kampanya para sa pambansang minimum na pasahod na Php 750 kada araw o Php 16,000 kada buwan (US$ 359.55) sa inisyatiba ng Kilusang mayo Uno at ang mga malalaking public sector unions ng COURAGE at Alliance of Health Workers. Kung tutuusin, kalahati lamang ang halagang ito sa tinatayang FLW na PhP 32,000 kada buwan ng isang pamilyang may limang miyembro, pero malaking tulong na rin ito laluna sa mga manggagawa sa labas ng Metro Manila kung saan mas mababa ang pasahod pero mas mahal ang halaga ng pamumuhay. Sa kampanyang ito, muling pinagkakaisa ang lakas ng mga manggagawa sa pribado at pampublikong sektor upang ibalik ang pambansang paraan ng pagtatakda ng sahod bago matapos ang dekada 80 na inalis ng Washington Consensus.

**Pakikibaka Laban sa Pleksibilisasyon**

Isa pang isyung nagbubuklod sa mga manggagawa ay ang masidhing pagkamuhi at paglaban sa kontraktwalisasyon o sa pleksibilisasyon. Gayunman, sa isyu lamang nagkakaisa ang paggawa dahil lubhang malaki ang kaibahan sa kahilingan at istratehiya ang mga unyon na sa pangkalahatan ay nahahati sa dalawang kampo --- yaong mga umaangkop sa neoliberalismo at sa kabilang banda ay ang kampo ng mga nakikibaka laban dito.

Halimbawa, ang NAGKAISA (pinangungunahan ng SENTRO) at isang koalisyon na kasama din ang TUCP, FFW, at BMP ay nananawagan din ng pagwawakas ng kontraktwalisasyon na kanilang pinupuna bilang bahagi ng implementasyon ng liberalisasyon. Suportado ng NAGKAISA ang gubyerno ni Noynoy Aquino kaya naman urong sulong at hindi malinaw ang kanilang posisyon sa pagbasura sa DO18-A ng DOLE ni Aquino. Nag-isponsor ang kanilang mga kaalyadong grupo sa kongreso tulad ng mga partylist ng Akbayan, DIWA, TUCP ng panukalang batas upang limitahan ang pleksibilisasyon sa hanggang 20% lamang ng kabuuang pwersang paggawa. Laman din ng nasabing panukalang batas ang pagkilala sa subcontracting bilang lehitimong karapatan ng employer (management prerogative) at pinagtitibay na legal at lehitimo ang pag-empleyo sa mga fixed term employees. Pumasa ang panukalang batas na ito sa Mababang Kapulungan matapos ang dalawang marathon hearing. Pero, wala pa rin itong katumbas na panukalang batas sa Senado.

Samantala, sinubukan ding dalhin ng KMU ang pakikibaka nito sa kongreso. Katuwang ang mga militanteng partylist, isinumite nila ang panukalang batas na tinawag nilang Regular Employment Bill (HB 5510) at naglalayong ibasura ang kontraktwalisasyon at ibalik ang dating direct hiring o direktang pag-iempleyo. Pero ilang oras lamang matapos na pormal na maisumite ang bill sa kongreso, agad na itong tinuligsa ng mga kapitalista at mga kaalyado ng administrasyon.

Kapwa aktibo ang mga kampo sa pag-oorganisa ng mga alyansa at koalisyon laban sa kontraktwalisasyon. Noong 2012, isinulong at sinuportahan ng malawak na koalisyon ng mga manggagawa at taong simbahan na tinawag na Churchpeople Workers Solidarity (CWS) ang panawagan ng KMU para sa pagwawakas ng flexible employment. Ayon sa CWS, ang pleksibilisasyon ay hindi lamang nagkakait ng karampatang sahod sa manggagawa kundi higit pa, inaalis nito ang kanilang karapatan at dangal bilang mga tao. Binitbit din ng koalisyon ang adbokasiya para sa makatarungang sahod, karapatang mag-organisa at laban sa pwersadong migrasyon.

Ilang tagumpay na rin ang nakamit sa mga labang ito. Malaking pagsulong na halimbawa ang legal na tagumpay ng mga manggagawa sa media. Pinakahuli dito, ang naging kapasyahan ng Korte Suprema na dapat ituring na regular na mga empleyado ang tinatawag na “talents” (tulad ng cameramen) ng isang mayor na television network (GMA 7) dahil ang kanilang trabaho ay direkta at regular na kinakailangan sa operasyon ng negosyo ng kumpanya.

**Pakikibaka para a Karapatang Pang-unyon**

Maituturing na pinakamatinding pakikibaka ng kilusang manggagawa ay ang karapatan mag-organisa ng unyon sa iba’t ibang antas. Pinatindi ang panunupil sa mga pagawaan na hindi lamang nagresulta sa pagkatanggal ng mga mangaggawa nangunguna sa pag-oorganisa ng mga independyenteng unyon kundi pagkakulong at sa ilang kaso ay pagbubuwis ng buhay ng ilang lider at organisador. Sa rurok ng War on Terror ng gubyernong Arroyo, tinatayang aabot sa 50,000 unyonista ang nawalan ng trabaho dahil sa kalkuladong pagsasara ng mga pagawaan at matinding militarisasyon sa mga industriya. Kasabay nito daandaang unyon ang nabura at maraming iba pa na nagsisimula pa lang magtayo ng unyon ang agad na dinurog. Sa pinakahuling datos, umaabot na 115 lider/organisador ng unyon ang napatay at wala pa ring nakakamit na katarungan hanggang sa kasalukuyan.

Noong 2009, isang High Level Mission ang ipinadala ng International Labor Organization (ILO) na kaunaunahan sa buong panahong naging kasapi dito ang Pilipinas. Layon ng ILO-HLM na imbestigahan ang maraming kaso ng extra-judicial killings at mga paglabag sa karapatang pang-unyon at pangmanggagawa batay sa reklamong isinumite ng KMU noong 2007 at mga lokal na unyon ng IWSWU noong 2008. Nauna rito ang reklamo sa ILO ng mga manggagawa ng Toyota noong 2001. Kinumpirma ng misyon ang mga alegasyon sa reklamo subalit inirekomenda lamang nito na muling sanayin (retraining) ang pwersang militar ng estado at magbuo ng high level monitoring body upang palalimin pa ang imbestigasyon sa mga kaso.

Sa bandang huli, nagtulak lamang ang rekomendasyon ng ILO-HLM para buhayin ang NTIPC na simula't sapul ay hindi makakuha ng suporta mula sa mga manggagawa. Pero dahil dito, nabigyan ng panibagong mandato ang TIPC at muli na namang pinatampok bilang policy-making body ng gubyernong Noynoy Aquino. Matatandaang lahat ng mga kasong idinulog sa NTIPC monitoring body na dapat nitong inimbestigahan ay idineklara nitong sarado dahil wala naman daw mga saksi kahit na karamihan sa mga saksi at akusado ay pinatay o pwersahang nawala.

**Mangahas makibaka, mangahas magtagumpay**

Sa kabila ng panunupil, unti unting nagbubunga ang maigting na militanteng pakikibaka ng mga manggagawa. Ngayong taon, nagkamit ng mga mayor na tagumpay ang mga militante at independyenteng mga unyon sa kanilang mga lokal na pakikibaka. Naipagtagumpay ng mga manggagawa sa Cagdianao Mining Corporation sa Surigao ang kanilang panibagong CBA na nagbigay sa kanila ng mataas na sahod na maituturing na pinakamataas sa industriya ng pagmimina. Matagumpay din ang NXP Workers Union --- ang natatanging unyon sa Laguna Technopark, na labanan ang pagtatangka ng manedsment na durugin ang kanilang unyon nang mapilitan ang manedsment na ibalik ang kalahati sa mga tinanggal na upisyales ng unyon. Kumakailan din, matagumpay na nakamit ng mga empleyado ng Radio Mindanao Network ang kanilang CBA matapos ang maigting na pakikibaka at mapangahas na welga.

Habang umaani ng mga tagumpay, nagpapatuloy ang militanteng pakikibaka ng mga manggagawa

**Talahuli (End Notes):**

1 Gross Domestic Product (GDP) ay sumusukat sa kabuuang output ng ekonomya sa loob ng bansa gawa man ng Pilipino o dayuha. Kabilang sa taunang sinusukat ang lahat ng pampubliko at probadong konsumo (private and public consumption), gastusin ng gubyerno (government outlays), pamumuhunan (investments) at ang neto sa kalakalan (esport – import). Karaniwang ginagamit ang GDP bilang indicator o palatandaan ng ekonmya ng isang bansa gayundin ang antas ng pamumuhay ng mamamayan nito.

2 Serrano, Melissa, "Estado ng Empleyo sa Pilipinas" A Presentation to the CTUHR-ILIR Conference on Neoliberalism and Trade Union Movement, UP-SOLAIR, October 8,2014

3 Mercado-Aldaba, Rafaelita, `Foreign Investment in the Philippines, A Reassessment",Research Paper Series 94-14, Philippine Institute of Development Studies, 1994

4 Anti-strike o anti-picketing laws ay tumutukoy sa pagtatakda ng mandatory cooling-off period na 30 araw kung ang mga isyu sa Notice of Strike (NOS) ay lansakang paglabag sa CBA, 15 araw na cooling-off period kapag ang isyu ay kaugnay sa union-busting at pangangailangan sa strike vote, pagsusumite ng resulta at paghihintay ng 7 araw bago legal na maiputok ang welga. (Batas Pambansa 130). Tumutukoy din ang Antipicketing law sa pagbabawal sa mga welgista na harangin ang pasukan at labasan ng ng mga tao, sasakyan at mga produkto sa panahon ng welga. Legal ang piket kung ito ay gumagalaw (roving /moving picket).

5 Morisawa, Keiko, 'Philippine Electronics Industry and Local Suppliers: Developing Suppporting Industries through Foreign-Led Capital,' UP School of Economics, October 2000

6 Baracol, Sharon, Managing the Challenge of WTO Participation: Case Study 36, Philippines: Stakeholder Participation in Agricultural Policy Formation, Donah Sharon Baraco

7 Salamat, Marya, Philippine-Mining-Situation-at-a-glance, http://bulatlat.com, 2013/09/12/]

8 Sec 9-10 of RA 7916)

9 Arroyo forms Investment Defense Force (IDF), Inquirer, February 9, 2008

10 RA 8180 – Philippine Gazette, 1996

11 NSCB, WB Report- Philippine Economic Update, March 2014

12 LabStat Updates, Philippine Statistics Authority, March 2014

13 Philippine Economic Landscape, 2012, ARANGKADA

14 [1]Semiconductor and Electronics Industry in the Philippines Inc., SEIPI

15 [2]"PNoy lauds electronics sector for over.5-M jobs" , Visayas Magazine , April 23, 2012 ,]

16 NSCB-based in the survey conducted in 2009 but released in 2012

17 [ILO Global Wage Report, 2012/13]

18 Serrano, Melisa, `State of Employment in the Philippines Under Neoliberalism', CTUHR Conference, October 2014

19 Informal employment ay tumutukoy sa mga trabaho sa mga empresang di-pormal at mga informal (di-regular) na mga trabaho sa empresang pormal. Kabilangdito ang mga selfemployed, unpaid family workers and non-regular workers.

20 Philippine Economic Update, World Bank, Marh 2013

21 [CTUHR Interview, April 2016]

## Mga Kontribyutor

Si **Dennis Espada** ay isang makata, manunulat at mamamahayag. Siya'y mag-aaral ng Komunikasyon sa Politeknikong Unibersidad ng Pilipinas (PUP) Graduate School at fellow sa tula ng Palihang Rogelio Sicat sa ilalim ng Departamento ng Filipino at Panitikan ng Pilipinas sa Unibersidad ng Pilipinas-Diliman. Siya'y faculty member sa Kolehiyo ng Sining at Agham sa Pamantasan ng Lungsod ng Muntinlupa.

Nagtuturo ng wika, panitikan at pananaliksik sa Kagawaran ng Filipinolohiya ng PUP si **Jomar Adaya**. Nagtapos din sa nabanggit na unibersidad ng AB Filipinolohiya at MA Filipino, at kasalukuyang kumukuha ng PhD in Philippine Studies sa UP Diliman. Kasalukuyan siyang Hepe ng Center for Labor Research and Publications sa ilalim ng ILIR-PUP.

Si **U Eliserio** ay nagtuturo ng popular na kultura sa Departamento ng Filipino at Panitikan ng Pilipinas sa UP Diliman. Awtor siya ng *Kami sa Lahat ng Mataba* (UST, 2016), koleksyon ng kritisismo. Natanghal na ang kanyang mga dula sa UP, Miriam College, at Cultural Center of the Philippines. Nagsusulat din siya ng maikling kuwento.

Kasalukuyang kumukuha si **Romeo Peña** ng PhD in Philippine Studies sa UP Diliman at dito rin nagtapos ng MA Filipino: Malikhaing Pagsulat. Nagtapos siya ng AB Filipinolohiya sa PUP at dito rin nagtuturo ng wika, panitikan, malikhaing pagsulat, at pananaliksik. Kasalukuyan siyang Hepe ng Center for Social History sa PUP.

**E. SAN JUAN, JR,** professorial lecturer sa Polytechnic University of the Philippines, ay emeritus professor ng English, Comparative Literature & Ethnic Studies sa ilang unibersidad sa U.S. Ilang bagong libro niya: Lupang Hinirang, Lupang Tinubuan (De la Salle U Press); Ambil (Philippines Studies Center); Between Empire and Insurgency (U.P. Press); Learning from the Filipino Diaspora (UST Press); Filipinas Everywhere (Sussex Academic

Press); Wala (PUP Press), at ang nakasalang na bagong libro: Carlos Bulosan (New York, Peter Lang)

Si **Daisy Arago** ay kasalukuyang Executive Director ng Center for Trade Union and Human Rights. Organisador, edukador at mananaliksik sa kilusang paggawa sa Pilipinas at maging sa ibayong dagat. Kamakailan, pinangunahan ni Ka Daisy ang pananaliksik sa mga batang manggagawa sa plantasyon sa Mindanao na inilimbag sa aklat na Children of the Sunshine Industry: Child Labor and Workers Situation in Oil Palm Plantations in CARAGA.

Titser at habambuhay na istudyante sa sosyolohiya, ekomomiks, at pagpapaunlad pampamayanan si **RE Felicia**. Nagtapos ng Masterado sa Pagpapaunlad ng Pamayanan sa University of the Philippines (UP), at Economics sa University of the East (UE). Bukod sa ILIR-PUP, bahagi din siya ng iba't ibang institusyong pangmanggagawa tulad ng Ecumenical Institute of Labor Education and Research (EILER), at Defend Job Philippines. Napapanood siya bilang Ka Mando sa serye ng mga educational video ng Kwentong Obrero. Sa likod ng kamera, si Sir Mandy ay may kinalaman sa mga dokumentaryong tulad ng Kwadradong Daigdig (tungkol sa globalisasyon), Lupa ay Laya (kasaysayan ng kilusang magsasaka sa Pilipinas), at Proletaryado (kasaysayan ng kilusang manggagawa sa Pilipinas).

Kilalang artista ng bayan at ng uring mangagawa, at dating Dekano ng College of Fine Arts, Unibersidad ng Pilipinas, si **Leonilo "Ka Neil" Doloricon**. Bukod sa pagiging lider-akademiko, pinanday ang sining ni Ka Neil ng mayaman at mahabang karanasan bilang organisador, edukador at lider-manggagawa.

Bahagi ng

epistemikong komunidad ng PUP,

ang Surian sa Paggawa

at Relasyong Pang-industriya (ILIR)

ay nagsisilbing

**saliksikan,**

**ugnayan,**

**daluyan,**

**sanayan,**

**suportang serbisyo**

**at**


**adbokasiya**

upang maging ambag ng PUP

sa pagbubuo ng maunlad,

masagana at nagsasarili ng ekonomya at lipunan

sa pamamagitan ng produktibo at mulat na paggawa.



POLYTECHNIC UNIVERSITY OF THE PHILIPPINES
1904